

APPLICATION PARA SA CALFRESH , TULONG NA PERA , AT/O MEDI-CAL/MGA PROGRAMA SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

Kung may kapansanan ka o kailangan ng tulong sa application na ito, ipaalam ito sa County Welfare Department (County) at may tutulong sa iyo.

Kung mas gusto mong magsalita, magbasa, o sumulat sa isang wika bukod sa Ingles, kukuha ang County ng isang tao upang tulungan ka nang libre.

Paano ako mag-a-apply?

Gamitin ang application na ito kung nag-a-apply ka para sa tulong sa pagkain (CalFresh), tulong na pera (California Work Opportunity and Responsibility to Kids or Refugee Cash Assistance), Medi-Cal General Assistance o General Relief, at/o iba pang mga programa sa pangangalaga sa kalusugan. Kung gusto mong mag-apply para sa CalFresh lang, maaari kang humingi sa County ng application na para sa CalFresh lang. Ang CalFresh ay isang programa sa tulong sa pagkain upang tulungan ka sa gastos sa pagbili ng pagkain para sa iyong pamilya. Kung gusto mong mag-apply para sa pangangalaga sa kalusugan lang, maaari kang humingi sa county ng application na para sa pangangalaga sa kalusugan lang. Kabilang sa pangangalaga sa kalusugan ang: murang insurance para sa Medi-Cal; abot-kayang pribadong insurance sa kalusugan; o credit sa buwis na maaaring makatulong sa iyong bayaran ang iyong mga premium para sa coverage sa kalusugan. Huwag gamitin ang application na ito kung nag-a-apply ka para sa pangangalaga sa kalusugan lang. Ang iyong County ay maaaring may hiwalay na application para sa General Assistance o General Relief. Tanungin ang iyong County upang makasiguro.

Maaari ka ring mag-apply para sa mga programang ito online sa pamamagitan ng pagpunta sa <http://www.benefitscal.org/>.

- Punan ang buong application form, kung kaya mo. Dapat mong ibigay sa County kahit man lang ang iyong pangalan, address, at lagda (tanong 1 sa pahina 1 ng application) upang simulan ang proseso ng application para sa CalFresh. Para sa tulong na pera, dapat mong sagutan ang mga tanong 1 hanggang 5 sa mga pahina 1 at 2 ng application at pirmahan ito upang simulan ang proseso ng application. Para sa General Assistance o General Relief tanungin ang County kung aling mga tanong ang kailangang sagutan upang simulan ang proseso ng pag-a-apply.
- May simbolo ang bawat programa (ipinapakita sa itaas ng pahinang ito) na nagpapakita kung anong mga tanong ang hinggil sa kung anong mga programa. Para sa tulong na pera, isa itong dollar sign; para sa CalFresh, isa itong shopping cart; at para sa coverage sa kalusugan, isa itong ambulansya. Halimbawa, kung hindi ka nag-a-apply para sa tulong na pera, hindi mo kailangang sagutan ang mga tanong na minarkahan lang ng dollar sign.
- Ibigay ang application sa County nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng fax o online.
- Sa araw na matanggap ng County ang iyong nilagdaang application magsisimula ang oras upang bigyan ka ng sagot kung maaari kang makatanggap ng mga benepisyo. Kung nasa isa kang institusyon, magsisimula ang oras na ito sa araw na umalis ka sa institusyon.

Ano ang dapat kong sunod na gawin?

- Basahin ang tungkol sa iyong mga karapatan at iyong mga tungkulin (mga pahina ng Mga Panuntunan ng Programa) bago mo lagdaan ang application.
- Dapat kang magkaroon ng panayam sa County upang talakayin ang iyong application. Kung may kapansanan ka, maaaring gumawa ng ibang mga pagsasaayos.
- Kung hindi mo sinagutan ang buong application, maaari mo itong tapusin sa iyong panayam.
- Kakailanganin mong magbigay ng patunay ng iyong kita, mga gastusin, at iba pang mga bagay upang makita kung kwalipikado ka.

Gaano katagal ito matatapos?

Maaaring tumagal nang hanggang 30 araw upang iproseso ang iyong application para sa CalFresh. Para sa tulong na pera at Medi-Cal, maaaring tumagal ito nang hanggang 45 araw. Tanungin ang County kung paano makukuha agad ang iyong mga benepisyo o pangangalaga sa kalusugan kung may emergency ka.

Maaari kang makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 3 araw ng kalendaryo kung:

- Kung ang buwanang gross income (kita bago ang mga pagbabawas) ng iyong pamilya ay mas mababa sa \$150 at ang iyong hawak na pera o pera sa mga checking o savings account ay hindi hihigit sa \$100; o kaya
- Ang mga gastos sa pabahay (upa/mortgage at mga utility) ng iyong pamilya ay higit sa iyong buwanang gross income at pera sa checking o savings; o kaya
- Isang migrante o pana-panahong magsasakang pamilya kayo na may mababa sa \$100 sa checking o savings at 1) tumigil ang iyong kita, o 2) nagsimula na ang iyong kita ngunit hindi ka umaasang makakuha ng mahigit \$25 sa darating na 10 araw.

Para sa tulong na pera, maaari kang makakuha ng agarang tulong kung:

- Wala kang bahay o mayroong abiso ng pagpapalayas o abisong magbayad ng upa o lumipat; o kaya
- Mauubos ang iyong pagkain sa loob ng tatlong araw; o kaya
- Naputol o mapuputol ang iyong mga utility; o kaya
- Wala kang sapat na pananamit o mga diaper; o kaya
- Mayroon kang isa pang uri ng emergency na mahalaga sa kalusugan at kaligtasan.

Pahinang Pang-impormasyong - Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala.

Upang tulungan ang County na makita nang mas mabilis kung maaari kang makakuha ng mga benepisyo, mangyaring kumpletuhin ang mga tanong 1, 6 hanggang 9, 15, at 24, at bigyan ang County ng patunay ng iyong pagkakakilanlan (kung dala mo ito) kasama ng application. Para sa General Assistance o General Relief, tanungin ang County kung gaano katagal aabutin para mas mabilis na makuha ang mga benepisyo at magtanong tungkol sa anumang mga espesyal na panuntunan.

Papadalhan ka ng County ng liham upang ipaalam sa iyo kung naaprubahan o tinanggihan ang iyong pamilya para sa mga benepisyong in-apply-an mo.

Ano ang kailangan ko para sa aking panayam?

Upang maiwasan ang mga pagkaantala, magdala ng patunay ng mga sumusunod na item sa iyong panayam. Pumunta pa rin sa iyong panayam kahit wala kang patunay. Maaari kang matulungan ng County kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng patunay. Sa panayam, sasangguni ang County sa impormasyon sa application at tatanungin ka upang makita kung maaari kang makakuha ng mga benepisyo at ang halaga ng mga benepisyong maaari mong makuha.

Patunay na Kailangan upang Makakuha ng Mga Benepisyo

- Pagkakakilanlan (Lisensya sa Pagmamaneho, State ID card, pasaporte).
- Mga sertipiko ng kapanganakan para sa lahat ng nag-a-apply para sa tulong na pera.
- Patunay kung saan ka nakatira (kasunduan sa pagpapaupa, kasalukuyang bayaring may address mo).
- Mga Social Security number para sa lahat ng nag-a-apply para sa tulong (tingnan ang paalala sa ibaba tungkol sa ilang partikular na dayuhan).
- Pera sa bangko para sa lahat ng tao sa iyong pamilya (mga bagong statement ng bangko).
- Kinita ng lahat sa iyong pamilya sa nakalipas na 30 araw (mga bagong resibo ng kita, isang statement sa trabaho mula sa isang employer). **PAALALA:** Kung self-employed, kita at mga gastusin o mga tala ng buwis.
- Hindi kinitang kita (Mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, SSI, Social Security, Mga benepisyo ng beterano, sustento sa anak, danyos, mga kaloob o loan sa pag-aaral, kita sa pagpapaupa, atbp.).
- Legal na status ng imigrasyon **LANG** para sa mga legal na dayuhang nag-a-apply para sa mga benepisyo (isang Alien Registration Card, visa).
PAALALA: Maaaring hindi kailanganin ng ilang partikular na dayuhang nag-a-apply para sa status ng imigrasyon batay sa karahasan sa tahanan, pag-uusig sa krimen, o trafficking ang patunay na ito. Maaaring hindi rin sila mangailangan ng Social Security Number.

Patunay na Kailangan upang Makakuha ng Higit Pang Mga Benepisyo ng CalFresh

- Mga gastos sa pabahay (mga resibo ng upa, mga bayarin sa mortgage, bayarin sa buwis sa ari-arian, mga dokumento ng insurance).
- Mga gastos sa telepono at utility.
- Mga gastusing medikal para sa sinuman sa iyong pamilya na matanda (60 at mas matanda) o may kapansanan.
- Mga gastos sa pangangalaga sa bata at matanda dahil sa pagtatrabaho, paghahanap ng trabaho, pagpasok sa pagsasanay at paaralan, o pagsali sa isang kinakailangang aktibidad sa trabaho ng isang tao.
- Sustento sa anak na binabayaran ng isang tao sa iyong pamilya.

Karagdagang Patunay na Kailangan para sa Coverage sa Kalusugan

- Impormasyon tungkol sa anumang nauugnay sa trabahong insurance sa kalusugang available sa iyong pamilya.
- Mga policy number para sa anumang pangkasalukuyang insurance sa kalusugan.

Karagdagang Patunay na Kailangan para sa Tulong na Pera

- Patunay ng mga pagbabakuna sa mga batang anim na taong gulang o mas bata.
- Pagpaparehistro ng sasakyan para sa mga sasakyang pagmamay-ari mo o ng isang taong ina-apply mo.

Paano kung wala akong bahay?

Mangyaring ipaalam kaagad sa County kung wala kang bahay upang matulungan ka nilang umisip ng address na gagamitin upang tanggapin ang iyong application at makakuha ng mga abiso mula sa County patungkol sa iyong kaso. Para sa CalFresh at tulong na pera, nangangahulugan ang walang bahay na ikaw ay:

- A. Naninirahan sa isang pinapamahalaang shelter, halfway house, o katulad na lugar.
- B. Naninirahan sa bahay ng isa pang tao o pamilya nang hindi hihigit sa patuloy na 90 araw.
- C. Natutulog sa isang lugar na hindi dinisenyong, o karaniwang ginagamit bilang, tulugan (isang pasilyo, istasyon ng bus, tarangkahan, o mga katulad na lugar).

Pahinang Pang-impormasyong - Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala.

MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN

May tungkulin kang:

- Ibigay sa County ang lahat ng impormasyong kailangan upang matukoy ang iyong kwalipikasyon.
- Bigyan ang County ng patunay ng impormasyong mayroon ka kapag kailangan ito.
- Mag-ulat ng mga pagbabago gaya ng kinakailangan. Bibigyan ka ng County ng impormasyon tungkol sa kung ano, kailan, at paano mag-ulat. Para sa CalFresh at tulong na pera (cash aid), kung hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan sa pag-uulat ng iyong pamilya, maaaring isara ang iyong kaso o babaan o itigil ang iyong mga benepisyo.
- Maghanap, kumuha, at manatili sa isang trabaho o lumahok sa ibang mga aktibidad kung sasabihin sa iyo ng County na kinakailangan ito sa iyong kaso.
- Ganap na makipagtulungan sa mga tauhan ng county, tauhan ng estado, o pederal na tauhan kung napili ang iyong kaso para sa pagsusuri o pagsisiyasat upang matiyak na wastong nakalkula ang iyong kwalipikasyon at antas ng benepisyo. Ang pagkabigong makipagtulungan sa mga pagsusuring ito ay magrerresulta sa pagkawala ng iyong mga benepisyo.
- Bayaran ang anumang tulong na pera o mga benepisyo ng CalFresh na hindi ka kwalipikado upang makuha.

May karapatan kang:

- Magpasa ng application para sa CalFresh nang ibinibigay lang ang iyong pangalan, address, at lagda.
- Magkaroon ng tagapagsaling ibinibigay ng Estado nang libre kung kailangan mo.
- Mapanatiling kumpidensyal ang impormasyong ibinibigay sa County, maliban kung direktang nauugnay sa administrasyon ng mga programa ng County.
- Bawiin ang iyong application anumang oras bago ang pagtutukoy ng County sa kwalipikasyon.
- Humingi ng tulong sa pagsagot sa iyong application o tulong sa pagkuha sa patunay na kailangan mo at humingi ng paliwanag sa mga panuntunan.
- Tratuhan nang may kagandahang-loob, konsiderasyon, at paggalang, at hindi diskriminahan.
- Makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 3 araw kung makakwalipika ka para sa Pinabilis na Serbisyo (Expedited Service).
- Makakuha ng tulong na pera sa loob ng isang araw kung makakwalipika ka para sa Agarang Pangangailangan (Immediate Need).
- Makapanayam ng County sa loob ng makatwirang tagal ng panahon kapag nag-apply ka at upang matukoy ang iyong kwalipikasyon sa loob ng 30 araw para sa CalFresh o 45 araw para sa tulong na pera at Medi-Cal.
- Magkaroon ng hindi bababa sa 10 araw upang magbigay sa County ng patunay na kailangan upang makapagtukoy ng kwalipikasyon.
- Makakuha ng nasusulat na abiso nang hindi bababa sa 90 araw bago babaan o itigil ng County ang iyong mga benepisyo ng CalFresh o tulong na pera.
- Talakayin ang iyong kaso sa County at suriin ang iyong kaso kapag hiniling mo ito.
- Humiling ng pagdinig ng Estado sa loob ng 90 araw kung hindi ka sumasang-ayon sa County tungkol sa iyong kaso. Kung humiling ka ng pagdinig bago may maganap na pagkilos sa iyong kaso, hindi magbabago ang iyong mga benepisyo hanggang sa pagdinig o sa katapusan ng panahon ng iyong sertipikasyon, anuman ang mauna. Maaari mong hilingin sa County na hayaang magbago ang iyong mga benepisyo hanggang matapos ang pagdinig upang maiwasan ang pagbabayad ng anumang mga sobrang naibigay na benepisyo. Kung magpapasya ang Administrative Law Judge nang pabor sa iyo, ibabalik ng County sa iyo ang anumang mga benepisyong itinigil.
- Magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o humiling ng referral sa legal na tulong sa mga toll-free na numero ng telepono – **1-800-952-5253** o para sa mga may kapansanan sa pagdinig o pagsasalita na gumagamit ng TDD, **1-800-952-8349**. Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o karapatan sa welfare.
- Magsama ng kaibigan o isang tao sa pagdinig kung hindi mo gustong pumunta nang mag-isa.
- Humingi ng tulong sa County upang magparehistro upang bumoto.
- Mag-ulat ng mga pagbabagong hindi mo kinakailangang iulat, kung maaari nitong pataasin ang iyong mga benepisyo ng CalFresh o tulong na pera.
- Magbigay ng patunay ng mga gastusin ng iyong pamilya na maaaring makatulong sa iyong makakuha ng higit pang mga benepisyo ng CalFresh. Pareho ang hindi pagbibigay ng patunay sa County sa pagsasabing walang kang gastusin at hindi ka makakakuha ng higit pang mga benepisyo ng CalFresh.
- Ipaalam sa County kung gusto mong gamitin ang iyong mga benepisyo ng CalFresh para sa iyong pamilya o tulungan ka sa iyong kaso sa CalFresh ng ibang tao (Awtorisadong Kinatawan).

Binibigyan mo rin ang ahensya ng Medi-Cal ng karapatang tumuloy at kumuha ng medikal na suporta mula sa isang asawa o magulang. Kung sa palagay mo ay makakasama ang pakikipagtulangang mangolekta ng medikal na suporta sa iyo o iyong mga anak, maaari mo itong sabihin sa ahensya ng Medi-Cal at maaaring hindi ka na makipagtulungan.

Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala

Mga Panuntunan at Parusa ng Programa

Gumagawa ka ng krimen kung magbibigay ka ng hindi totoo o maling impormasyon, o sinadyang hindi ibigay ang lahat ng impormasyon upang subukang kumuha ng CalFresh, tulong na pera, at Medi-Cal na hindi ka kwalipikadong makatanggap, o upang tumulong sa ibang makakuha ng mga benepisyong hindi sila kwalipikadong makatanggap. Dapat mong bayaran ang anumang mga benepisyong makukuha mo na hindi ka kwalipikadong makatanggap. Kung sinadya mo ito at nakatanggap ka ng mahigit \$950 sa mga benepisyong hindi ka kwalipikadong makatanggap, maaari kang kasuhan ng isang mabigat na krimen.

<p>Para sa CalFresh: Nauunawaan ko na kung gagawa ako ng sinasadyang paglabag sa programa sa pamamagitan ng paggawa sa anuman sa sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> magtago ng impormasyon o gumawa ng mga hindi totooong pahayag gumamit ng mga electronic benefit transfer (EBT) card na pagmamay-ari ng ibang tao o ipagamit ang aking card sa iba gamitin ang mga benepisyong ng CalFresh upang bumili ng alak o tobacco makipagpalit, magbenta, o mamigay ng mga benepisyong ng CalFresh o EBT card 	<p>Maaari akong...</p> <ul style="list-style-type: none"> mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh sa loob ng 12 buwan para sa unang paglabag at maaaring mangailangang bayaran ang lahat ng benepisyong ng CalFresh na sobrang naibigay sa akin mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh sa loob ng 24 buwan para sa ikalawang paglabag at maaaring mangailangang bayaran ang lahat ng benepisyong ng CalFresh na sobrang naibigay sa akin permanenteng mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh para sa ikatlong paglabag at maaaring mangailangang bayaran ang lahat ng benepisyong ng CalFresh na sobrang naibigay sa akin magmula ng hanggang \$250,000, makulong nang hanggang 20 taon, o pareho
<ul style="list-style-type: none"> makipagpalit ng mga benepisyong ng CalFresh para sa mga controlled substance, gaya ng mga droga magbigay ng hindi totooong impormasyon tungkol sa kung sino ako at kung saan ako nakatira upang makakuha ako ng mga karagdang benepisyong ng CalFresh napatunayang nakipagpalit o nagbenta ng mga benepisyong ng CalFresh na nagkakahalaga ng mahigit \$500, o nakipagpalit ng mga benepisyong ng CalFresh para sa mga armas, amunisyon, o pampasabog 	<ul style="list-style-type: none"> mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh sa loob ng 24 na buwan para sa unang paglabag permanenteng mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh para sa ikalawang paglabag. mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh sa loob ng 10 taon para sa bawat paglabag mawalan ng mga benepisyong ng CalFresh habambuhay
<p>Para sa tulong na pera, nauunawaan ko na kung ako ay...</p> <ul style="list-style-type: none"> mapapatunayan may sala sa isang sinadyang paglabag sa programa hindi susunod sa mga panuntunan ng tulong na pera mapapatunayang may sala ng isang korte ng batas o administratibong pagding sa paggawa ng ilang partikular na uri ng panloloko 	<p>Maaari akong...</p> <ul style="list-style-type: none"> mawalan ng aking tulong na pera magmula ng hanggang \$10,000 at/o makulong nang hanggang 5 taon mawalan ng tulong na pera sa loob ng 6 na buwan, 12 buwan, 2 taon, 4 na taon, 5 taon, o habambuhay.

Mahalagang Impormasyon para sa Mga Dayuhan

- Maaari kang mag-apply at makakuha ng mga benepisyong ng CalFresh, tulong na pera, o pangangalaga sa kalusugan para sa mga taong kwalipikado, kahit na may mga hindi kwalipikado sa iyong pamilya. Halimbawa, maaaring mag-apply ang mga dayuhang magulang para sa mga benepisyong ng CalFresh, tulong na pera, o pangangalaga sa kalusugan para sa kanilang mga anak na mamamayan ng U.S. o kwalipikadong imigrante, kahit na maaaring hindi kwalipikado ang mga magulang.
- Hindi makakaapekto sa iyo o sa status ng imigrasyon ng iyong pamilya ang pagkakaroon ng mga benepisyong sa pagkain. Pribado at kumpidensyal ang impormasyon sa imigrasyon.
- Susuriin ang status ng imigrasyon ng mga dayuhang kwalipikado at nag-apply para sa mga benepisyong sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS). Isinasaad sa pederal na batas na hindi maaaring gamitin ng USCIS ang impormasyon para sa anumang iba pa maliban sa mga kaso ng panloloko.

Pag-o-opt Out

Hindi mo kailangang magbigay ng impormasyon sa imigrasyon, mga Social Security number, o mga dokumento para sa anumang (mga) dayuhang miyembro ng pamilya na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyong. Kakailanganing malaman ng County ang kanilang kita at impormasyon ng mapagkukunan upang wastong matukoy ang mga benepisyong ng iyong pamilya. Hindi makikipag-ugnay ang County sa USCIS tungkol sa mga taong hindi nag-a-apply para sa mga benepisyong.

Paggamit sa mga Social Security Number (SSN)

CalFresh at Tulong na Pera: Kailangang magbigay ng lahat ng nag-a-apply para sa mga benepisyong ng CalFresh o tulong na pera ng SSN, kung mayroon ka, o patunay na nag-apply ka para sa isang SSN (gaya ng isang liham mula sa tanggapan ng Social Security). Maaari ka naming tanggihan o sinumang miyembro ng iyong pamilya na hindi magbibigay sa amin ng SSN. Hindi kailangang magbigay ng ilang tao ng mga SSN upang humingi ng tulong, gaya ng mga biktima ng pang-aabuso sa tahanan, testigo sa pag-uusig, at biktima ng trafficking.

Coverage sa Kalusugan/Medi-Cal: Kailangan namin ang iyong SSN kung gusto mo ng coverage sa kalusugan at mayroon kang SSN. Maaari ding makatulong ang iyong SSN kahit na hindi mo gusto ng coverage sa kalusugan dahil mapapabilis nito ang proseso ng application. Ginagamit namin ang mga SSN upang suriin ang kita at iba pang impormasyon upang makita kung sino ang kwalipikado para sa tulong sa mga gastos sa coverage sa kalusugan. Kung mayroong may gusto ng tulong sa pagkuha ng SSN, tumawag sa 1-800-772-1213 o bisitahin ang website: www.socialsecurity.gov

Sobrang pagbibigay

Nangangahulugan itong nakakuha ka ng mga benepisyong ng CalFresh na higit sa dapat mong matanggap. Kakailanganing mong bayaran ito kahit na nagkamali ang county o kahit na hindi ito sinasadya. Maaaring babaan o itigil ang iyong mga benepisyong. Maaaring gamitin ang iyong SSN upang kolektahin ang halaga ng mga benepisyong dapat bayaran, sa pamamagitan ng mga korte, iba pang mga ahensya sa pangongolekta, o pagkilos sa pangongolekta ng pederal na pamahalaan.

Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala

Sobrang pagbabayad

Nangangahulugan itong nakakuha ka ng tulong na perang higit sa dapat mong matanggap. Tulad ng sa mga benepisyong ng CalFresh, kakailanganin mong bayaran ito kahit na nagkamali ang County o kahit na hindi ito sinasadya. Maaaring babaan o itigil ang iyong tulong na pera. Maaaring gamitin ang iyong SSN upang kolektahin ang halaga ng mga benepisyong dapat bayaran, sa pamamagitan ng mga korte, iba pang mga ahensya sa pangongolekta, o pagkilos sa pangongolekta ng pederal na pamahalaan.

Pag-uulat

Dapat mag-ulat ang bawat pamilyang nakakakuha ng mga benepisyong ng mga partikular na pagbabago. Sasabihin sa iyo ng iyong county kung anong mga pagbabago ang dapat iulat, paano iulat ang mga ito, at kailan dapat iulat ang mga ito. Maaaring magresulta ang pagkabigong iulat ang mga pagbabago sa pagbaba o pagtigil sa iyong mga benepisyong. Maaari ka ring mag-ulat kung may mga nangyaring maaaring magpataas sa iyong mga benepisyong, gaya ng pagkakaroon ng mas mababang kita.

Mga Pagdinig ng Estado

May karapatan ka sa isang pagdinig ng Estado kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang pagkilos na ginawa patungkol sa iyong application o sa iyong mga patuloy na benepisyong. Maaari kang humiling ng pagdinig ng Estado sa loob ng 90 araw ng pagkilos ng County at dapat mong sabihin kung bakit mo gusto ng isang pagdinig. May impormasyon sa kung paano humiling ng apela ang abiso sa pag-apruba o pagtanggap na matatanggap mo mula sa County. Kung hihiling ka ng pagdinig bago mangyari ang pagkilos, maaari mong mapanatiling walang pagbabago ang iyong tulong na pera at mga benepisyong ng CalFresh hanggang may mapagpasyahang desisyon.

Batas at Paglalantad sa Privacy

Nagbibigay ka ng personal na impormasyon sa application. Ginagamit ng County ang impormasyon upang makita kung kwalipikado ka para sa mga benepisyong. Kung hindi mo ibibigay ang impormasyon, maaaring tanggihan ng County ang iyong application. May karapatan kang suriin, baguhin, o iwasto ang anumang impormasyong ibinigay mo sa County. Hindi ipapakita o ibibigay ng County ang iyong impormasyon sa iba maliban kung bibigyan mo sila ng pahintulot o pinapayagan sila ng pederal na batas at batas ng estado na gawin ito. Ibe-verify ng County ang impormasyong ito sa pamamagitan ng program sa pagtutugma ng computer, kabilang ang Income and Earnings Verification System (IEVS). Gagamitin ang impormasyong ito upang subaybayan ang pagsunod sa mga alituntunin ng programa at para sa pamamahala sa programa. Maaaring ibahagi ng County ang impormasyong ito sa ibang mga pederal na ahensya at ahensya ng estado para sa mga opisyal na pagsusuri, kasama ng mga alagad ng batas para sa layunin ng pagdakip sa mga taong nagtatago sa batas, at kasama ng mga pribadong ahensya sa pangongolekta ng mga paghahabol para sa pagkilos na pangongolekta ng mga paghahabol. Maaaring i-verify ng County ang status ng imigrasyon ng mga miyembro ng pamilyang nag-a-apply para sa mga benepisyong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa USCIS. Maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado at antas ng mga benepisyong ang impormasyong makukuha ng County mula sa mga ahensyang ito.

Gagamitin ng County ang impormasyon mula sa iyong application upang suriin ang iyong kwalipikasyon para sa tulong sa pagbabayad sa coverage sa kalusugan. Susuriin ng County ang iyong mga sagot gamit ang impormasyon sa mga electronic na database ng estado at pederal na electronic na database at mga database mula sa Internal Revenue Service (IRS), Social Security Administration, Department of Homeland Security, at/o isang ahensya sa pag-uulat ng consumer. Kung hindi nagtutugma ang impormasyon, maaaring hilingin sa iyo ng County na magpadala ng patunay.

Hindi pagdidiskrimina

Patakaran ng Estado at County na tratuhin ang lahat ng tao nang pantay-pantay, at nang may paggalang at dangal. Alinsunod sa pederal na batas at Patakaran ng U.S. Department of Agriculture (USDA), mahigpit na ipinagbabawal ang pagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, relihiyon, mga pulitikal na paniniwala, o mga kapansanan.

Upang maghain ng reklamo ng pagdidiskrimina, makipag-ugnay sa Civil Rights Coordinator ng iyong County, o sumulat o tumawag sa USDA o California Department of Social Services (CDSS):

USDA, Director
Office of Civil Rights, Room 326-W
Whitten Building
1400 Independence Ave.
Washington D.C. 20250-9410
1-202-720-5964 (boses at TDD)

CDSS
Civil Rights Bureau
P.O. BOX 944243, M.S. 8-16-70
Sacramento, CA 94244-2430
1-866-741-6241 (Toll-Free)

Ang USDA ay isang employer na nagbibigay ng pantay-pantay na pagkakataon.

Mga Panuntunan sa Trabaho para sa CalFresh

Maaari kang italaga ng county sa isang programa sa trabaho. Sasabihin nila sa iyo kung kusang-loob ito o kung dapat mong gawin ang programa sa trabaho. Kung mayroon kang sapilitang aktibidad sa trabaho at hindi mo ito ginawa, maaaring babaan o itigil ang iyong mga benepisyong.

Maaaring hindi ka kwalipikado para sa CalFresh kung umalis ka kamakailan sa isang trabaho.

Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala

Mga Panuntunan sa Trabaho para sa CalWORKs (Welfare-to-Work)

Kung nakakakuha ka ng tulong na pera, dapat kang sumali sa Welfare-to-Work (WTW, ang pangunahing programa ng estado ng tumutulong sa mga tumatanggap ng tulong na pera na makakamit ng mga kailangang kakayahang nauugnay sa trabaho upang makapagsarili sa pamamagitan ng paglahok sa paghahanap ng trabaho, edukasyon, pagsasanay sa kakayahan, at iba pang mga programa) maliban kung hindi ka saklaw. Sasabihin sa iyo ng county kung hindi ka saklaw ng WTW. Kung hindi mo gagawin ang mga itinalagang aktibidad sa iyo, maaaring babaan o itigil ang iyong tulong na pera.

CalWORKs – Pagkuha ng Fingerprint/Larawan

Dapat kunan ng fingerprint/larawan ang lahat ng miyembro ng pamilyang nasa hustong gulang at kwalipikado para sa tulong na pera. Kung hindi nakunan ng fingerprint/larawan ang sinumang kinakailangang sumunod sa mga panuntunang ito, walang ibibigay na benepisyo sa buong pamilya. Kumpidensyal ang mga fingerprint/larawan at maaari lang gamitin upang pumigil o umusig ng panloloko sa welfare.

Paano ko makukuha/gagamitin ang aking mga benepisyo?

CalFresh at Tulong na Pera:

- Papadalan o bibigyan ka ng County ng plastic na Electronic Benefit Transfer (EBT) card. Ilagay ang mga benepisyo sa card kapag naaprubahan ang iyong application. Lagdaan ang iyong card kapag nakuha mo ito. Magse-set up ka ng Personal Identification Number (PIN) upang makakuha ng pera mula sa mga ATM o upang bumili ng pagkain at/o iba pang mga item.
- Kung ang iyong EBT card ay nawala, nanakaw, nasira o sa tingin mo ay may nakakaalam sa iyong PIN number na hindi mo gustong gumamit sa iyong mga benepisyo, tumawag sa (877) 328-9677 o agad na tumawag sa County upang iulat ito at palitan ang iyong PIN number. Tiyaking marunong din ang lahat ng taong nasa hustong gulang at ang iyong awtorisadong kinatawan na agad na mag-ulat ng isa sa mga problemang ito. **HINDI** papalitan ang anumang mga benepisyong makukuha sa iyong account bago mo iulat na nawala o nanakaw ang EBT card o PIN.
- Maaari mong gamitin ang iyong mga benepisyo ng CalFresh upang bilhin halos lahat ng pagkain, pati na rin mga binhi at halaman upang magpatubo ng sarili mong pagkain. **Hindi** ka maaaring bumili ng alak, sigarilyo, pagkain ng alagang hayop, ilang uri ng lutong pagkain, o anumang hindi pagkain (tulad ng toothpaste, sabon, o tisyu).
- Tinatanggap ang mga benepisyo ng CalFresh sa karamihan ng mga grocery store at iba pang mga lugar na nagbebenta ng pagkain. Maaaring gamitin ang tulong na pera sa karamihan ng mga tindahan at karamihan ng mga ATM. Maaaring maningil ng bayad ang ilang ATM. Maaaring may bayad din kung gagamit ka ng ATM upang kumuha ng pera pagkatapos ng tatlong pagwi-withdraw. Para sa isang listahan ng mga lokasyong malapit sa iyo na tumatanggap ng EBT, mangyaring pumunta sa: <https://www.ebt.ca.gov> o <https://www.snapfresh.org>. Malalaman mo rin kung saan ka maaaring kumuha ng pera nang hindi nagbabayad.
- Para lang sa iyo at mga miyembro ng iyong pamilya ang mga benepisyo ng CalFresh. Para lang sa iyo at mga miyembro ng iyong pamilya na naaprubahan para sa tulong na pera ang iyong tulong na pera. Ang iyong tulong na pera ay upang makatulong sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng iyong pamilya (pabahay, pagkain, pananamit, atbp.). Panatiliing ligtas ang iyong mga benepisyo. Huwag ipamigay ang iyong PIN number. Huwag itago ang iyong PIN number kasama ng iyong EBT card.
- Ang anumang paggamit sa iyong EBT card mo, isang miyembro ng pamilya, iyong awtorisadong kinatawan, o sinumang kusang-loob mong binigyan ng iyong EBT card at PIN ay ituturing na inaprubahan mo at **HINDI** papalitan ang anumang mga benepisyong makukuha sa iyong account.

Medi-Cal at Pangangalaga sa Kalusugan:

- Para sa Medi-Cal, makakatanggap ka ng Benefits Identification Card (BIC).
 - Lagdaan ang iyong BIC kapag natanggap mo ito at gamitin lang ito upang kumuha ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan.
 - Huwag kailanman itapon ang iyong BIC (maliban kung binigyan ka namin ng bagong BIC). Kailangan mong itago ang iyong BIC kahit hindi ka na nakakatanggap ng Medi-Cal. Maaari mong gamitin ang parehong BIC kung kukuha kang muli ng tulong na pera o Medi-Cal.
 - Dalhin ang BIC sa iyong medical provider kapag may sakit o appointment ka o isang miyembro ng iyong pamilya.
 - Dalhin ang BIC sa medical provider na gumamot sa iyo o (mga) miyembro ng iyong pamilya sa isang pang-emergency na sitwasyon sa lalong madaling panahon hangga't maaari pagkatapos ng emergency.
- Para sa iba pang mga programa sa pangangalaga sa kalusugan, makakatanggap ka ng card sa planong pangkalusugan mula sa iyong partikular na carrier.




Pangkalahatang Tulong at Pangkalahatang Relief (General Assistance and General Relief)


- Ang Pangkalahatang Tulong at Pangkalahatang Relief (General Assistance and General Relief) ay mga programang pinapatakbo ng County para sa mga nasa hustong gulang na walang mga anak. Sasabihin sa iyo ng County ang tungkol sa iyong mga karapatan at pananagutan at ang mga panuntunan ng programa kung nag-a-apply ka para sa isa sa mga programang ito.



Mangyaring kunin at itago para sa iyong mga tala

Mangyaring gumamit ng itim o asul na tinta dahil mas madali itong basahin at pinakamahasay na nakokopya. Mangyaring isulat nang naka-print ang iyong mga sagot. Kung kailangan mo ng higit pang espasyo upang sumagot ng (mga) tanong, maglakip ng mga karagdagang piraso ng papel upang ibigay ang impormasyon. Mangyaring tiyaking tukuyin kung aling tanong ang iyong sinasagutan sa mga karagdagang piraso ng papel.









1. IMPORMASYON NG APLIKANTE


 PANGALAN (PANGALAN, GITNANG PANGALAN, APELYIDO)		 IBANG MGA PANGALAN (PANGALAN SA PAGKADALAGA, MGA PALAYAW, ATBP.)		 SOCIAL SECURITY NUMBER (KUNG MAYROON KA AT NAG-A-APPLY PARA SA MGA BENEPISYO)	
ADDRESS NG BAHAY O MGA DIREKSYON PAPUNTA SA IYONG BAHAY		APARTMENT #	LUNGSOD	COUNTY	ESTADO ZIP CODE
ADDRESS NA PAPADALHAN (KUNG NAIIBA SA ITAAS)		APARTMENT #	LUNGSOD	COUNTY	ESTADO ZIP CODE
Gusto kong makakuha ng impormasyon tungkol sa application sa pamamagitan ng email na ito. <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi			Gusto kong makakuha ng mga mensahe tungkol sa aking kaso sa email. <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		
TELEPONO NG BAHAY		TELEPONO SA TRABAHO/ ALTERNATIBONG TELEPONO/CELL PHONE		EMAIL ADDRESS	
Anong mga programa ang iyong ina-apply-an? <input type="checkbox"/> CalFresh <input type="checkbox"/> Tulong na Pera <input type="checkbox"/> Coverage sa Kalusugan Iba pa <input type="checkbox"/> Iba pa _____			May kapansanan ka ba at kailangan ng tulong sa pag-a-apply? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		


 Wala ka bang bahay? Oo Hindi Kung oo, mangyaring ipaalam agad sa County kung wala kang bahay, upang matulungan ka nilang umisip ng address na gagamitin upang tanggapin ang iyong application at makakuha ng mga abiso mula sa county tungkol sa iyong kaso.

 Sa anong wika mo mas gustong magbasa (kung hindi Ingles)? _____
 Sa anong wika mo mas gustong magsalita (kung hindi Ingles)? _____

Bibigyan ka ng County ng tagapagsalin nang libre. Kung bingi ka o hirap sa pagdinig, mangyaring maglagay ng tsek dito

 Mas mababa ba ang gross income ng iyong pamilya sa \$150 at ang hawak na pera, pera sa mga checking at savings account ba ay \$100 o mas mababa?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	 Naputol na ba ang iyong mga utility o mayroon ka bang abiso sa pagputol?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
 Ang pinagsamang gross income at mga mapagkukunan ng pera ba ng iyong pamilya ay mas mababa sa pinagsamang bayarin sa upa/mortgage at mga utility?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	 Mauubos na ba ang iyong pagkain sa loob ng 3 araw o wala pa?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
 Ang iyong pamilya ba ay isang migrante/pana-panahong magsasakang pamilyang may mapagkukunan ng perang hindi hihigit sa \$100?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	 Kailangan mo ba ng tulong sa transportasyon upang kumuha ng pagkain, pananamit, pangangalagang medikal, o iba pang (mga) item na pang-emergency?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
 May abiso ng pagpapalayas ka ba o abisong magbayad ng upa o umalis?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	 Kailangan mo ba ng mahahalagang pananamit, gaya ng mga diaper o pananamit na kailangan para sa malamig na panahon?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi

 May nagdadalang-tao ba? Oo Hindi Kung oo, nakakuha ba siya ng Presumptive Eligibility card? Oo Hindi

 May personal na emergency ba ang sinuman sa iyong sambayanan? Oo Hindi Kung oo, lagyan ng tsek ang kahon: Pagdadalang-tao
 Agarang Pangangailangang Medikal Pang-aabuso sa Bata Pang-aabuso sa Tahanan Pang-aabuso sa Matanda Iba pang emergency na nagbabanta sa kalusugan o kaligtasan. Ipaliwanag:

Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng paglagda sa application na ito sa ilalim ng kaparusahan ng panunumpa nang walang katotohanan (paggawa ng mga hindi totoong pahayag), na:

- Binasa ko, o binasa sa akin, ang impormasyon sa application na ito at ang aking mga sagot sa mga tanong sa application na ito.
- Anumang mga sagot na aking ibinigay sa mga pahinang 1 hanggang 17 at mga apendiks A hanggang E ng SAWS 2 Plus ay totoo, wasto, at kumpleto sa abot ng aking kaalaman.
- Binasa ko o binasa sa akin at nauunawaan at sumasang-ayon ako sa Mga Karapatan at Tungkulin (Mga Panuntunan ng Programa Pahina 1).
- Binasa ko, o binasa sa akin, ang Mga Panuntunan at Parusa ng Programa (Mga Panuntunan ng Programa Pahina 2 - 4).
- Nauunawaan ko na ang pagbibigay ng mga hindi totoo o nakakapanlinlang na pahayag o maling pagpapakahulugan, pagtatago o hindi pagbibigay ng impormasyon upang maging kwalipikado ay panloloko at maaari akong maparusahan sa ilalim ng pederal na batas kapag nagbigay ako ng hindi totooong impormasyon. Maaaring magdulot ang panloloko ng kriminal na kasong ihahain laban sa akin at/o maaari akong bawalan para sa isang tagal ng panahon (o habambuhay) sa pagkuha ng mga benepisyo ng CalFresh at tulong na pera.
- Nauunawaan ko na maaaring ibahagi ang mga Social Security Number o Status ng Imigrasyon para sa mga miyembro ng pamilyang nag-a-apply para sa mga benepisyo sa mga naaangkop na ahensya ng pamahalaan gaya ng inaatang ng pederal na batas.
- Ibinibigay ko sa ahensya ng Medi-Cal ang karapatang tumuloy at kumuha ng anumang pera mula sa ibang insurance sa kalusugan, legal na kasunduan, o iba pang mga third party.

PIRMA NG APLIKANTE, KATI WALANG KAMAG-ANAK (O NASA HUSTONG GULANG NA MIYEMBRO NG PAMILYA/AWTORISADONG KINATAWAN*/ TAGAPANGALAGA) *Kung may Awtorisadong Kinatawan ka, pakikumpleto ang Tanong 2 sa susunod na pahina.	PETSA
PIRMA NG ASAWA, IBANG MAGULANG, IBANG TINUTULUNGANG TAONG NASA HUSTONG GULANG, O NAKAREHISTRONG LIVE-IN PARTNER	PETSA



2. AWTORISADONG KINATAWAN NG PAMILYA

Maaari kang magpahintulot ng isang taong 18 taong gulang o mas matanda na tumulong sa iyong pamilya sa inyong mga benepisyo ng CalFresh. Maaari ding mag-salita para sa iyo ang taong ito sa panayam, tulungan kang kumumpleto ng mga form, mamili para sa iyo, at mag-ulat ng mga pagbabago para sa iyo. Kakailanganin mong bayaran ang anumang mga benepisyong hindi para sa iyo na maaari mong makuha nang hindi sinasadya dahil sa impormasyong ibinigay ng taong ito sa County at hindi papalitan ang anumang mga benepisyong hindi mo gustong gastusin nila. Kung isa kang Awtorisadong Kinatawan, kakailanganin mong bigyan ang County ng patunay ng pagkakakilanlan para sa iyong sarili at aplikante.

Gusto mo bang magpangalan ng isang taong tutulong sa iyo sa iyong kaso sa CalFresh? Oo Hindi

Kung oo, kumpletuhin ang susunod na seksyon:

PANGALAN NG AWTORISADONG KINATAWAN	NUMERO NG TELEPONO NG AWTORISADONG KINATAWAN
------------------------------------	--

Gusto mo bang magpangalan ng isang taong tatanggap at gagastos ng Mga Benepisyo ng CalFresh para sa iyong pamilya? Oo Hindi

Kung oo, kumpletuhin ang susunod na seksyon:

PANGALAN	NUMERO NG TELEPONO
ADDRESS	LUNGSOD, ESTADO, ZIP CODE



2a. MGA AWTORISADONG KINATAWAN SA INSURANCE SA KALUSUGAN

Maaari mong bigyan ng pahintulot ang isang pinagkakatiwalaang tao na magsalita tungkol sa iyong application para sa insurance sa kalusugan, makita ang iyong impormasyon, at kumilos para sa iyo sa mga bagay tungkol sa bahaging ito ng iyong application. Gusto mo bang pumili ng awtorisadong kinatawan para sa bahagi ng insurance sa kalusugan ng iyong application? Oo Hindi Kung oo, punan ang impormasyon sa Apendiks C.



3. American Indian o Alaskan Native ka ba o sinumang miyembro ng iyong pamilya? Oo Hindi
